Republic of the Philippines
**Department of Education**
Cordillera Administrative Region
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF ABRA

RELEASED AUG 12 2022 DEPED-ABRA TIME 3:50

August 12, 2022

Memorandum Pansangay
Blg. 222 s. 2022

Sa mga: Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punung-guro/Tagapamahala ng mga Paaralan
Pampublikong Paaralan, Elementarya at Sekondarya

**PANSANGAY NA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2022**

1. Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997, na nagpapahayag ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing 1-31 ng Agosto na pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang Sanagy ng Abra ay magsasagawa ng palatuntunan na kipapalooban ng mga paligsahan para sa pagdiriwang nito. Ang mga nasabing paligsahan ay magaganap sa Bangued West Central School Gymnasium sa ika-31 ng Agosto, 2022.

2. Kaugnay sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wiakng Pambansa, ipinalabas ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang tema ngayong taon "Filipino at mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Pagtuklas at Paglikha," na naglalayong ilaan ang buwan ng Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng pagdiriwang na ito na:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg 104;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika sa Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawaimng kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensya ng pamahalaan nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

4. Ang mga kalahok sa mga patimpalak ay ang mga nanalo ng unang gantimpala sa mga pampurok na paligsahan ng sampung (10) distrito sa elementarya at sampung (10) klaster sa sekondarya. Ang nabanggit na klaster sa sekondarya ay kaparehas ng sampung distrito sa elementarya kung saan matatagpuan ang mga paaralang sekondarya.

5. Kalakip sa memorandum na ito ang mga Mekaniks sa mga paligsahan.

6. Ang gastusin sa meryenda, premyo ng mga kalahok at iba pang gastusin na may kaugnayan sa pagdiriwang ay manggagaling sa pondo ng Dibisyon o anumang ibang maaaring pagkunan ng pondo alinsunod sa mga panuntunan ng pagsusuma at pag-oodit.

7. Hinihiling ang agarang paghahatid sa kinauukulan ang Memorandum na ito.

**BENILDA M. DAYTACA EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

cid/pbtjr/dm-BnW2022

Kalakalip ____sa Memorandum Pansangay Bilang ____ s. 2022

1. Mekaniks

| | | |
|---|---|---|
| Kategorya | Pagsulat ng Sanaysay | |
| Bilang ng Kalahok | Isa (1) | |
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 6 | Bahagdan |
| Batayan ng Kapasyahan | Pamatayan | 50% |
| | NILALAMAN<br>• Kaugnayan sa Paksa<br>• Kalinawan sa Paglalahad<br>• Orihinalidad | |
| | ORGANISASYON<br>• Kaisahan<br>• Pagkakaugnay | 40% |
| | MEKANIKS<br>• Wastong gamit ng salita<br>• Bantas<br>• baybay | 10% |
| | Kabuuan | 100% |

| | | |
|---|---|---|
| Kategorya | Pagsulat ng Tula | |
| Paksa | Ang paksa ay iikot sa buhay ng isang mag-aaral sa panahon ng pandemya Ang kalahok ay bubuo ng sariling pamagat ng kanyang tula. | |
| Bilang ng Kalahok | Isa (1) | |
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 10 | |
| Batayan ng Kapasyahan | Pamatayan | Bahagdan |
| | NILALAMAN<br>• Kaugnayan sa Paksa<br>• Kalinawan sa Paglalahad<br>• Orihinalidad | 40% |
| | ORGANISASYON<br>• Kaisahan<br>• Pagkakaugnay | 30% |
| | MEKANIKS<br>• Apat (4) na saknong<br>• Apat (4) na taludtod sa bawat saknong<br>• Labing-anim na sukat sa bawat taludtod<br>• Tugma | 30% |
| | Kabuuan | 100% |

2. **Anumang katanungan at paglilinaw sa proseso ng paligsahan ay maaaring makipag-ugnayan sa Tagamasid Pansangay ng Filipino.**